ANG PROGRAMA NG IWSS TUNGKOL SA PAG-AATAKENG SEKSUWAL (SEXUAL ASSAULT) AY NAGBIBIGAY NG MGA SUMUSUNOD NA SERBISYO...

Sa mga pamayanang nagmula sa kulturang hindi Ingles ang unang wika - edukasyong pangkomunidad at impormasyon tungkol sa pag-aatakeng seksuwal, mga mga kaukulang batas at serbisyo ...
talakayan, mga seminar, "fact sheets", impormasyon sa telepono.

Para sa mga nagbibigay ng serbisyo tungkol sa pag-aatakeng seksuwal - mga materyal na pagkukunan, pagpapaunlad ng serbisyo at pagsasanay upang maragdagan
ang pantay-pantay na pagkakaroon ng serbisyo para sa mga babaeng nakaranas ng pag-aatakeng seksuwal.

Sa mga babae - kung ikaw ay nakaranas ng pag-aatakeng seksuwal nagmula sa kulturang hindi Ingles ang unang wika ...
pagtatanggol at pagtulong ukol sa mga serbisyong pangkalusugan at pagpapayo at tulong sa anumang bagay na legal kung nais mong iulat ang pag-aatakeng seksuwal.

Queensland Health
provided funding to the Immigrant Women's Support Service Sexual Assault Program for development of this leaflet. The Justice and Attorney-General Department funded the printing.

We acknowledge the many different sources which assisted the development of this leaflet..

MGA KAUKULANG TELEPONO

Immigrant Women's Support Service
(Mga Serbisyong Pang-Alalay Para Sa Mga Babaeng Imigrante)
- **Programa para sa Pag-aatakeng Seksuwal** **(07) 3846 5400**

Fax (07) 3846 5619
PO Box 5490 West End 4101
Email iwss@powerup.com.au
web address http://www.powerup.com.au/~iwss

- **Programa para sa Karahasang Pangtahanan** **(07) 3846 3490**

Police (Pulis) **000**
- emerhensiya sa lahat ng lugar 24 oras sa isang araw

Sexual Assault Crisis Line
(Pang-krisis na Linya sa Pag-aatakeng Seksuwal)
- **(07) 3000 0000 (Brisbane)**
- **1800 01 01 20 (sa labas ng Brisbane)**
- 6.00 ng gabi hanggang 6.00 ng umaga mula Lunes hanggang Biyernes;
- dalawampu't-apat na oras kung Sabado, Linggo at pista opisyal.

Domestic Violence Crisis Line
(Krisis na Linya para sa Karahasang Pangtahanan)
- **1800 811 811 walang bayad na tawag**
- lahat ng lugar 24 na oras sa isang araw

Women's Legal Service
(Serbisyong Panglegal para sa Mga Babae)
- **(07) 3392 0670 o 1800 677 278**
- para sa pagpapayong panglegal

Anti Discrimination Commission
(Komisyon laban sa Diskriminasyon)
- **(07) 3239 3365 o 1800 068 305**
- para sa reklamo tungkol sa panggugulong seksuwal

South Brisbane Immigration and Community Legal Service
(Serbisyong Pang-imigrasyon at Pangpamayanang Legal ng South Brisbane) **(07) 3846 3189**
- para sa payong panglegal sa imigrasyon at iba pang mga isyu.

IMMIGRANT WOMEN'S SUPPORT SERVICE

filipino



Ang Karahasang Sexual ay napakahirap mapag-usapan

ANG KARAHASANG SEKSUWAL AY NANGYAYARI

SA LAHAT NG KULTURA

Ang mga babaeng nagmula sa mga kulturang hindi Ingles ang unang wika ay nagdaranas ng problema sa wika at kultura bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay.

Iyong mga nakaranas ng karahasang seksuwal ay may karagdagang problema dahil sa karaniwan, sila'y nagnanais lang na tumahimik, o di kaya'y hindi nila alam kung saan hihingi ng tulong, at dahil sa kawalan ng impormasyon.

90% ng karahasang seksuwal ay dinaranas ng mga babae at mga bata.

Karamihan sa karahasang seksuwal ay nangyayari sa loob ng tahanan.

LAHAT AY MAY KARAPATAN NA

- makatiyak na ligtas sa karahasang seksuwal
- paniwalaan
- pakinggan
- bigyan ng oras upang gumawa ng kanilang desisyon kung paano haharapin ang isang karanasan

ANO ANG KARAHASANG SEXUAL

Ang karahasang seksuwal ay labag sa batas.

Ang epekto ng karahasang seksuwal ay malaki. Maaring ito'y maging dahilan ng pangmatagalang mga problemang pisikal (pangkatawan) at pangkaisipan.

Kabilang sa karahasang seksuwal ang:

- ***seks na walang pahintulot***
  - ***insesto***
- ***Karahasang seksuwal***
  - ***panggugulong seksuwal***
- ***panggagahasa***
  - ***ritwal na pag-aabuso***

Ang seks na walang pahintulot

Ang pagpapahintulot ay nangangahulugan ng malaya at kusang kasunduan. Hindi dapat na ipalagay na dahil ang babae ay may-asawa ay maari nang makisiping o makipag seks sa kanya ng wala siyang pahintulot.

Insesto

Mga seksuwal na gawain na nilalapat sa isang bata o taong may murang gulang ng kamag-anak na kabilang sa kanilang direkta o malawak na pamilya. Ang gumagawa ng insesto ay maaaring miyembro mismo ng pamilya kasama na ang ama, tiyuhin, kapatid na lalaki, lolo, pamangkin na lalaki o sinumang nag-aalaga ng bata tulad ng amain, kinakasama (de facto) or nag-aampong magulang (foster parent).

Karahasang seksuwal

Ang anumang hindi kalugod-lugod na atensiyong seksuwal - kasama na ang hindi ginugustong pagtapik o paghipo, pagpapahiya o mga punang malaswa o seksuwal tungkol sa katawan, panlabas na kaanyuan o pribadong buhay ng isang tao, pagpapakita ng mga hindi kanais-nais na materyal at paglalantad.

Pag-aabusong seksuwal sa bata

Mga seksuwal na gawain na isinasagawa sa mga bata na may gulang hanggang 17 ng mga tao na hindi kamag-anak. Ang mga gawaing ito ay tulad ng pagtatalik (intercourse), pagpapasok ng daliri o isang bagay, puwersahang pagsasalsal (forced masturbation), pagmamasid sa pamamaraang seksuwal o may pananakot, paghalik, paghipo o paghagpus.

Panggagahasa

Ayon sa batas ang panggagahasa ay nangangahulugan ng pagpapasok sa bayna o ari ng babae o puwit, ng ari ng lalaki na walang pahintulot. Ang panggagahasa ay nangangahulugan din ng pagpapasok ng isang parte ng katawan o isang bagay at puwersahang seks sa bibig. Ito ang tinatawag na Pag-aatakeng Seksuwal batay sa batas. Ang panggagahasa ay tungkol sa pagkontrol at kapangyarihan, hindi tungkol sa seks.

Pag-aabusong ritwal

Isang malupit na uri ng pag-aabuso sa mga bata, kabataan at mga taong may gulang. Kasama rito ang pisikal, seksuwal at pangsikolohiyang pag-aabuso at kalakip nito ang paggamit ng ritwal o seremonya. Ang pag-aabusong ritwal ay karaniwang sumasangkot ng pag-uulit ng pag-aabuso sa isang mahabang panahon.